# Mga Karapatan sa Lugar ng Trabaho sa Australya

## Sino ang may mga karapatan sa lugar ng trabaho sa Australya?

Ang mga batas sa lugar ng trabaho sa Australya ay nagpoprotekta sa mga manggagawa na ang pangunahing lugar ng trabaho ay sa Australya, o mga manggagawang nagtatrabaho para sa isang employer na Australyano. Hindi kailangang maging mamamayan o permanenteng residente ng Australya ang mga manggagawa para maprotektahan ng mga batas sa lugar ng trabaho sa Australya.

Ang mga visa holder ay may kaparehong batayang mga karapatan at proteksyon kagaya ng sa lahat ng mga taong nagtatrabaho sa Australya. Hindi maaaring alisin ng mga kontrata o kasunduan ang mga karapatang ito.

## Saan ako makakahingi ng tulong?

Ang Fair Work Ombudsman[1] (FWO) ang nagpapatupad ng mga batas sa lugar ng trabaho sa Australya.

Ang FWO ay may mga makakatulong na online tool kung saan matitingnan mo ang iyong suweldo at sahod at magagamit mo ang pay calculator.[2] Mabilis at madali mong maire-record ang iyong mga oras ng trabaho gamit ang Record My Hours app - Fair Work Ombudsman.[3]

Kung nag-aalala ka na ikaw ay hindi tinatrato nang patas ng iyong employer o hindi niya sinusunod ang mga batas sa lugar ng trabaho sa Australya, maaari mong kontakin ang FWO para sa impormasyon, payo o tulong. Matatawagan mo sila sa 13 13 94.

Maaari ka ring makakuha ng libreng pambatas na tulong mula sa ibang organisasyon, gaya ng legal aid, isang community legal center o isang unyon.[4]

## Paano naman ang tungkol sa aking visa?

Hindi maka-cancel ng iyong employer ang iyong visa, kahit na nilabag mo ang mga kondisyon ng iyong visa. Ang Department of Home Affairs (Home Affairs) lamang, pati ang Australian Border Force (ABF), ang makakapagbigay, o makakatangging magbigay, o mag-cancel ng mga visa.

Ang Pamahalaan ng Australya ay may mga batas na nagpoprotekta sa mga visa holder na pinagsasamantalahan sa lugar ng trabaho. Ang mga bagong proteksyong ito ay bahagi ng Strengthening Reporting Protections Pilot (Pagsubok sa Pagpapatatag ng mga Proteksyon sa Pagsusumbong).[5]

Maaaring marapat ka para sa pilot (pagsubok) kung ikaw ay may hawak na temporary visa na **may permiso para makapagtrabaho.**

Kung ikaw ay may hawak na temporary visa na **walang permiso para makapagtrabaho**, pag-aaralan ng Home Affairs ang iyong kaso ayon sa iyong mga kalidad.

Kung marapat ka para sa pilot, **hindi maka-cancel** ng Home Affairs ang iyong visa kung:

- Nilabag mo ang isang kondisyon ng visa na kaugnay sa trabaho, at
- May ugnayan ang paglabag sa visa at sa isang usaping pagsasamantala sa lugar ng trabaho, at
- Sa kondisyong matutugunan ang iba pang mga kondisyon.

Upang maka-access sa mga bagong proteksyon sa pagsusumbong, ikaw ay dapat:

- Mabigyan ng sertipikasyon ang iyong usaping pagsasamantala sa lugar ng trabaho ng isang kalahok na ahensya ng pamahalaan o ng isang accredited third party (akreditadong ikatlong partido) bago abisuhan ang Home Affairs[6]
- Ibalangkas ang koneksyon ng usaping pagsasamantala sa lugar ng trabaho at ng paglabag sa kondisyon ng visa, at
- Mangako na susundin mo ang mga kondisyon sa iyong visa sa hinaharap.

Upang masabihan ang Home Affairs tungkol sa pagsasamantala sa iyo sa lugar ng trabaho, puwede kang magkumpleto ng Strengthening Reporting Protection Request Process form.[7]

## Ano ang aking mga karapatan sa lugar ng trabaho?

May mga tuntunin sa Australya tungkol sa mga karapatan mo sa trabaho, gaya ng minimum na halaga na maibabayad sa iyo (simula noong 1 Hulyo 2024, ang kasalukuyang pambansang minimum na sahod kada oras para sa isang nasa hustong gulang na manggagawang nagtatrabaho nang full time at part time ay $24.10 kada oras), ang maximum na oras na maaari kang kailanganing magtrabaho at kung gaano kadalas ka bibigyan ng pahinga.

[1] https://www.fairwork.gov.au/
[2] https://calculate.fairwork.gov.au/findyouraward
[3] https://www.fairwork.gov.au/tools-and-resources/record-my-hours-app
[4] https://www.fairwork.gov.au/tools-and-resources/other-workplace-relations-help/legal-help
[5] https://immi.homeaffairs.gov.au/visas/working-in-australia/work-rights-and-exploitation/strengthening-reporting-protections-pilot
[6] https://immi.homeaffairs.gov.au/visas/working-in-australia/work-rights-and-exploitation/strengthening-reporting-protections-pilot#content-index-3
[7] https://immi.homeaffairs.gov.au/visas/working-in-australia/work-rights- and-exploitation/strengthening-reporting-protections-pilot/request- process-form

Ang mga tuntuning ito ay matatagpuan sa iba't ibang lugar gaya ng sa isang award[8] o sa isang registered employment agreement (gaya ng isang enterprise agreement),[9] o isang kontrata sa pagtatrabaho.

Ang mga visa holder ay may kaparehong mga batayang karapatan at proteksyon kagaya ng sa ibang mga manggagawang Australyano sa ilalim ng *Fair Work Act 2009* (Cth).[10]

Kabilang sa mga ito ang:

- Mga suweldo at sahod – halimbawa, simula sa 1 Hulyo 2024 ang kasalukuyang pambansang minimum na sahod kada oras para sa isang nasa hustong gulang na manggagawa na nagtatrabaho nang full time o part time ay $24.10 kada oras. Ang mga minimum na pay rate ay karaniwang ina-update taun-taon.
- Proteksyon laban sa hindi makatarungang pag-aalis sa trabaho ('masisante' o 'mapatalsik') sa ilang mga sirkumstansya.*
- Proteksyon laban sa diskriminasyon (hindi mabuting pagtrato) dahil sa paggamit ng isang karapatan sa trabaho – halimbawa, pagliban sa trabaho kung hindi makakayang magtrabaho dahil may sakit o pinsala, o pagrereklamo o pagtatanong tungkol sa kanilang pagtatrabaho.
- Proteksyon laban sa panliligalig na sekswal at pambu-bully sa trabaho.
- Proteksyon laban sa diskriminasyon – kabilang dito ang proteksyon laban sa labag sa batas na diskriminasyon batay sa edad, kapansanan, kasarian, lahi, oryentasyong sekswal at pananampalataya.

*Kung sa palagay mo ikaw ay maaaring di-makatarungan o labag sa batas na naalis sa trabaho, mayroon kang 21 araw para gumawa ng claim (maghabol) sa Fair Work Commission. Ang mga tuntunin at mga eksepyon ay nakalapat. Dapat kang kumuha kaagad ng payo tungkol dito.[11]

Mahalagang sundin ang mga kondisyon ng iyong visa. Kung mayroon kang anumang mga alalahanin tungkol sa kakayahan mong makasunod sa mga kondisyon ng iyong visa, dapat kang makipag-usap sa isang registered migration agent (RMA) o ligal na kinatawan o kontakin ang Department of Home Affairs.[12]

Gayunpaman, mayroon kang mga karapatan at proteksyon sa ilalim ng mga batas sa lugar ng trabaho maging anuman ang iyong migration status. Kabilang dito ang mga sitwasyon sa ilalim ng Migration Act kapag ikaw ay:

- Lumabag sa isang kondisyon ng iyong visa,
- Walang karapatang magtrabaho sa Australya sa ilalim ng mga kondisyon ng iyong visa, o
- Wala kang visa sa kasalukuyan.

[8] https://www.fairwork.gov.au/employment-conditions/awards
[9] https://www.fairwork.gov.au/employment-conditions/agreements
[10] https://www.legislation.gov.au/C2009A00028/latest/versions
11 https://www.fairwork.gov.au/ending-employment/unfair-dismissal
12 https://immi.homeaffairs.gov.au/visas/already-have-a-visa/check-visa-details- and-conditions/see-your-visa-conditions

## Ano ang mga palatandaan ng pagsasamantala sa lugar ng trabaho?

Maaaring kabilang sa mga mapagsamantalang pag-aasal ang mga sitwasyon kapag ang isang empleyado ay minamaltrato sa trabaho.[13] May iba't ibang anyo ito, gaya ng:

- Mga bantang pag-cancel ng iyong visa.
- Pinupuwersa kang magtrabaho.
- Nagtatrabaho ka nang sobrang mahahabang mga oras.
- Kulang ang isinasahod at hindi binabayaran ang training (pagsasanay).
- Hindi nagbibigay ng mga payslip.
- Hindi makatarungang mga deduction (pagkaltas) mula sa sahod (ibig sabihin, para sa akomodasyon, training, pagkain o transportasyon), mga deposito o 'cash-back' scheme.[14]
- Hindi nakakatanggap ng mga karapatan sa trabaho, halimbawa, may bayad na leave (bakasyon) kabilang ang sick leave at annual leave o superannuation.
- Kinukuha ang iyong pasaporte at hinahawakan ito ng ibang tao.
- Pinipilit kang magtrabaho nang labis pa sa tiniyak na mga kondisyon ng iyong visa.
- Pinipilit kang magbigay ng paunang bayad (up-front payment) o 'deposito' para sa isang trabaho.
- Umiiwas sa pagbabayad ng tax ang mga employer sa pamamagitan ng pagbabayad sa iyo ng cash.
- Itinuturing kang isang independiyenteng kontratista imbes na isang empleyado.
- Nagtatrabaho ka sa hindi ligtas na mga kondisyon.
- Binibigyan ka ng iyong employer ng mababang kalidad na akomodasyon, kabilang ang pagpuwersa sa iyo na magbayad para sa akomodasyong iyon.
- Hindi ka pinapayagang umalis sa lugar ng trabaho.
- Dinidiinan kang huwag sumali sa isang unyon.

Ang pagsasamantala sa lugar ng trabaho ay nangyayari kapag ang mga karapatan sa lugar ng trabaho at ang mga obligasyon ay hindi alam, hindi naiintindihan o hindi sinusunod ng mga employer, hindi man sinasadya o sinasadya.

## Paano naaapektuhan ng mga kondisyon ng aking visa ang aking mga karapatan sa lugar ng trabaho?

Ang iyong visa sa Australya ay maaaring may kasamang mga kondisyong kaugnay sa trabaho na iyong gagawin o hindi gagawin. Maaari kang makatwirang utusan ng isang employer na magsagawa, o hindi magsagawa, ng mga aktibidad dahil sa mga kondisyon ng visa. Halimbawa, kung ang mga kondisyon ng iyong visa ay nagpapahintulot lamang sa iyo na magtrabaho sa isang partikular na gawain, maaaring utusan ka ng iyong employer na gawin lamang ang tungkuling iyon.

13 Ang 'pagsasamantala' ay binibigyang-kahulugan sa subsection 271.1A ng Criminal Code - https://www.legislation.gov.au/C2004A04868/latest/text/2
14 Hindi lahat ng mga deduction ay hindi makatarungan.

Kasama sa visa grant letter ang impormasyon tungkol sa anumang mga kondisyon na nauukol sa iyong visa. O kaya, maaari mong tingnan ang mga detalye ng iyong visa, pati ang mga kondisyon ng iyong visa, sa Visa Entitlement Verification Online: Visa holder enquiry (immi.gov.au) (VEVO)[15] sa website ng Department of Home Affairs.

Kung gumamit ka ng isang RMA o abugado, makakapagbigay din siya sa iyo ng payo tungkol sa mga kondisyon ng iyong visa.

## Karagdagang impormasyon

Mga visa holder at migrante - Fair Work Ombudsman[16]

Ang National Employment Standards (NES)[17] ang mga minimum na karapatan sa pagtatrabaho na nauukol sa karamihan ng mga manggagawa.

Ang Fair Work Information Statement (FWIS)[18] ay may impormasyon tungkol sa NES at sa iba pang minimum na mga karapatan. Ang FWIS ay dapat ibigay sa lahat ng mga bagong manggagawa ng kanilang mga employer.

**Fair Work Ombudsman**

**Fair Work Commission**

**Record MyHours**

**Australian Taxation Office**

**Strengthening Reporting Protections Pilot (Pagsubok sa Pagpapatatag ng mga Proteksyon sa Pagsusumbong**

**Workplace Justice Visa Pilot**

**Australian Federal Police**

**Ang dokumentong ito ay binuo ng Department of Home Affairs, at para ipamigay ng mga RMA. Ang dokumentong ito ay hindi nangangahulugan ng pagbibigay ng ligal na payo o tulong sa imigrasyon ng isang RMA.**

[15] https://online.immi.gov.au/evo/firstParty?actionType=query

[16] https://www.fairwork.gov.au/find-help-for/visa-holders-migrants

[17] https://www.fairwork.gov.au/employment-conditions/national-employment-standards

[18] https://www.fairwork.gov.au/employment-conditions/information-statements/fair-work-information-statement